# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG SETYEMBRE 18, 2023, LUNES, IKA-9:38 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN RELEASED NAME mai DATE 10/03/23 TIME ____ STA. CRUZ, LAGUNA

SANGGUNIANG BAYAN OFFICE RECORDED BY 0 3 OCT 2023 STA. CRUZ, LAGUNA

**KAPASIYAHAN BLG. 355-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KARAGDAGANG BADYET BLG. 1 NG BARANGAY JASAAN, SANTA CRUZ, LAGUNA NA PINAGTIBAY SA BISA NG KAPASIYAHAN BLG. 43-T2023 / KAUTUSAN SA PAGLALAAN BLG. 01-T2023 NA MAY KABUUANG HALAGANG P21,681.62 MULA SA SURPLUS TAONG 2022 UPANG ILAAN PARA SA OTHER MAINTENANCE AND OTHER OPERATING EXPENSES (MOOE) (MARKER / NAME PLATE) NG BARANGAY.**

**SAPAGKAT,** may kahilingan ang Sangguniang Barangay ng Jasaan na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 43-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2023 na may kabuuang halagang P21,681.62 mula sa Surplus 2022 upang ilaan para sa Other MOOE (Marker / Name Plate) ng barangay;

**SAPAGKAT,** ang naturang kahilingan ay iniliwat sa mga Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan at Lupon sa Barangay Affairs para sa pag-aaral at pagsusuri;

**SAPAGKAT**, matapos ang pagsusuri at pag-aaral ay iminungkahi ng Tagapamuno ng nasabing lupon na pagtibayin na ito.

**KUNG KAYA'T , DAHIL DITO,** sa mungkahi ni Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw ( Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan), na pinangalawahan nina Kgg. Lucena R. Odejar, Kgg. Patrocinia S. Kalaw, Kgg. Lea A. Almarvez, Kgg. Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. at Kgg. Ambiel John C. Panganiban at sa pagsang-ayon ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG**: Pagtibayin ang Karagdagang Badyet Blg. 1 ng Sangguniang Barangay ng Jasaan, Santa Cruz, Laguna na pinagtibay sa bisa ng Kapasiyahan Blg. 43-T2023 / Kautusan sa Paglalaan Blg. 01-T2023 na may kabuuang halagang P21,681.62 mula sa Surplus 2022 upang ilaan para sa Other Maintenance and Other Operating Expenses (MOOE) (Marker / Name Plate) ng barangay.

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos at Sangguniang Barangay ng Jasaan, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Setyembre 18, 2023.**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA LUISA F. JOLO**
Gumaganap na Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO:

**KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: 10/2/23

**KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

0128232